Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 3, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:05 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad – nasa lakad opisyal |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

**KAPASIYAHAN BLG. 169-T'07**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI G. ARTHUR CABALLES NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (ONE-COCK ULUTAN) SA DISYEMBRE 27, 2007 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni G. Arthur Caballes na makapagdaos ng pasabong ( one - cock ulutan) sa Argem Sports Coliseum sa Disyembre 27, 2007;

**SAPAGKA'T**, matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa tuluyang gamutan ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Palaro at Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Mike Jomel M. Ombico, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ramon D. Tan at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang kahilingan ni G. Arthur Caballes na makapagdaos ng pasabong (one-cock ulutan) sa Disyembre 27, 2007 sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Pulisya, Business Permits and License Office at Tagapangulo ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Maria Luisa F. Jolo
**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumanap na Kalihim

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan